

MGA DAPAT GAWIN KUNG IKAW AY INAARESTO


Ang mga sumusunod na gabay ay hango mula sa babasahin na sinulat at nilimbag ng
Philippine Alliance on Human Rights Advocates (PAHRA).

TANDAAN: MANATILING KALMADO, MAGALANG AT ALERTO SA MGA PANGYAYARI




1

Pakiusapan ang isang kamag-anak, kaibigan, o kahit hindi kakilala (kunin ang pangalan at tirahan niya) na **SAKSIHAN ANG PAG-ARESTO SA IYO**. Kung mayroon kang cell phone, I-TEXT mo ang iyong pamilya, mga kaibigan, at abugado para ipaalam sa kanila na ikaw ay inaaresto. Maaari mo ring **TAWAGAN** ang iyong pamilya, mga kaibigan, at abogado para ipakinig sa kanila ang pag-aresto sa iyo.



2

Kunin ang mga pangalan, ang kanilang mga opisyal na posisyon, at ang kinabibilangang opisina o yunit ng mga umaresto sa iyo.



3

Humingi ng kopya ng kanilang awtoridad ng pag-aresto (warrant of arrest) at suriin ito nang mabuti. Tiyakin kung iyo nga ang pangalan na nakasulat at ang paglabag na ibinibintang sa iyo.




4

Kung may mali sa warrant, ipabatid ang iyong pagtutol sa pag-aresto, subalit huwag gumamit ng dahas.



5

Kung legal ang pag-aresto sa iyo, maaari kang hanapan ng mapanganib na mga armas o anumang bagay na maaaring gamitin bilang patunay na ginawa mo nga ang krimen na ibinibintang sa iyo.



6

Tanungin ang opisyal na umaaresto sa iyo kung saan ka dadalhin. Humiling na samahan ka ng kamag-anak, kaibigan, o ibang taong nakasaksi sa pag-aresto sa iyo. Tiyakin sa mga opisyal na umaresto na ito ay para sa proteksyon nila at proteksyon mo.



7

Huwag, anumang oras, tumutol ng pisikal sa pag-aresto. Sabihan na tinutulan mo ang pag-aresto sa iyo at hindi mo iwinawaksi.



8

Humiling na hayaan kang tawagan ang iyong abogado; kung hindi pumayag, patawagin mo ang iyong kamag-anak, kaibigan, o iba pang saksi sa pag-aresto sa iyo. Ipaalam sa abogado mo ang ang mga nangyari, ang pagkakakilanlan ng mga opisyal na umaresto, ang dahilan ng pagkakaaresto sa iyo, at kung saan ka dadalhin.



9

Kung nakadamit sibilyan lang ang mga umaaresto o ayaw nilang ibigay ang mga pangalan nila o magpakita ng warrant of arrest, tanggihan ang pagsama sa kanila. Hilingin na hayaan kang tumawag ng pulis na magpapatunay sa awtoridad nila. Huwag pumayag na piringan ang iyong mga mata. Ipinagaatas ng batas na ang mga opisyal na umaaresto ay dapat naka-uniporme, kumilos ng tama, at magbigay galang sa iyong mga karapatan at dignidad. Kung ang mga opisyal na umaaresto ay lumabag sa mga pag-uutos na ito, huwag sumama subalit huwag din gumamit ng dahas. Hayaan mong buhatin ka nila, sumigaw ng saklolo, gumawa ng eksena para makita ng mga kapitbahay o mga dumaraan kung ano ang nangyayari. Tandaan ang lahat ng mga paglabag sa iyong mga karapatan, at magreklamo sa unang pagkakataon matapos ang pag-aresto sa iyo, kapag hinarap ka na sa isang Huwes o Piskal.



10

Kung sabihin sa iyo na hindi ka naman inaaresto kundi iniimbata lang para sa ilang tanong, sabihin na ikukunsulta mo muna sa abogado mo. Gawin ito, at hayaan mong makausap ng abogado mo ang mga opisyal na umaaresto sa iyo at siya ang makipagkasundo ng petsa, oras at lugar kung kalian ka tatanungin. Kung hindi ka nila payagan na kumunsulta sa abogado mo, tanggihan ang pagsama sa kanila. Kung magpumilit sila, maituturing na pag-aresto ang mga ginagawa nila at ang mga payo na nabanggit na sa itaas ay dapat mong gawin.



11

Ayon sa pangkalahatang patakaran, maari ka lamang arestuhin kung may tamang warrant of arrest na inisyu ng Hukom. Gayunpaman, may tatlong eksepsiyon sa patakaran:

- Kapag ikaw ay gumawa, gumagawa, o nagtatangkang gumawa ng krimen, at nakita kang pulis na siyang umaresto sa iyo;
- Kapag may katatapos na nangyaring krimen at ang pulis na umaaresto ay may sapat na dahilan para maniwala, batay sa personal niyang kaalaman tungkol sa mga katotohanan at mga pangyayari na ikaw ang gumawa ng krimen; at
- Kapag ikaw ay tumakas mula sa bilangguan o detensiyon o habang nililipat ka sa ibang bilangguan.

TANDAAN MULI: MANATILING KALMADO, MAGALANG, AT ALERTO SA MGA PANGYAYARI

Huwag isipin kung ano ang susunod na mangyayari. Marami sa ating mga kinatatakutan ay gawa-gawa natin mismo. Higit sa lahat, huwag mag-alala kung makalimutan mong gawin ang anumang bagay na nakasaad sa praymer na ito. Ang mga ito ay ganap na payo na hindi palaging masusunod. Basta manatili ka lamang kalmado at mahinahon, mapangangalagaan mo ang iyong karapatan.

Kung mayroon kang nais idulog na suliranin tungkol sa iyong karapatang pantao, tumawag o sumulat sa

Commission on Human Rights
Globe: 0936-068-0982 Smart: 0920-506-1194
Email: chad.pasco.chr@gmail.com



Ito ay hatid sa inyo ng Human Rights Education and Promotion Office ng CHR. Ang nilalaman ng flyer na ito ay hango sa nilalaman ng "Dignidad at Karapatang Pantao, Itaguyod at Ipaglaban" na inilathala ng Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA). Ang mga opinyon na nakapaloob dito ay maaaring hindi pareho sa opinyon ng USAID at ng The Asia Foundation na siyang nagbigay ng financial support sa gawa ng PAHRA, at sa opinyon ng European Union (EU) at ng Spanish Agency for International Development Cooperation (AECID) na nagbigay ng financial support sa gawa ng CHR.